

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

## Yunit I

### Modyul Blg. 5

#### Iba't Iba Pero Pareho

#### I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Mayroong iba't ibang paniniwalang ispiritwal, sekta at relihiyon sa buong mundo. Sa ating bansa, mayroong iba't ibang relihiyong kinaaniban ng ating mga kababayan. Bagama't nakararami ang mga Kristiyano na kinabibilangan ng mga Katoliko, Protestante, Iglesia ni Kristo, Jehova's Witness, at iba pa, mayroon ding mga Muslim na kabilang sa relihiyong Islam.

Kung pag-aaralan mo pa ang iba't ibang relihiyon sa buong mundo, magugulat kang napakarami pala ang mga ito. Sa kasaysayan ng daigdig, ang pagkakaiba ng paniniwala ay isa sa naging dahilan ng mga hidwaan, subalit ito rin ang naging dahilan ng pagkakaisa tulad ng EDSA Revolution. Iba-iba ang katawagan ngunit mapapansing pare-parehong tumutukoy sa pagkilala sa iisang Diyos.

Gusto mo bang matuklasan kung paano nagkapareho ang iba't ibang relihiyon?

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Nasusuri ang mga paraan ng iba't ibang relihiyon tungo sa pagpapabuti ng ugnayan ng tao sa Diyos (LC1.6)

- A. Nasusuri ang mga layunin at paniniwala ng iba't ibang relihiyon
- B. Naigagalang ang pagkakaiba ng mga layunin at paniniwala ng iba't ibang relihiyon
- C. Natutukoy ang nagkakaisang layunin ng iba't ibang relihiyon sa pagpapabuti ng ugnayan ng tao sa Diyos

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## **II. Handa Ka Na Ba?**

A. Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pilosopiyang Taoismo ay kahawig ng Confucianismo. Payak at mabuting pamumuhay ang nilalayan. Ano ang pinatutunayan nito?
  - a. Pareho ang mga paniniwala ng Taoismo at Confucianismo pero iba lang ang katawagan.
  - b. Parehong sa Tsina ang mga ito kaya pareho rin ang kanilang paniniwala.
  - c. Ang layuning maging mabuting tao ay parehong layunin ng Taoismo at Confucianismo
  - d. Hindi dapat magtalo ang mga relihiyon dahil pareho lang ang mga ito.
2. Ang iba't ibang denominasyon ng relihiyong Kristiyanismo ay nagkakaisa na:
  - a. maipahayag ang sarili at magkaroon ng payak na pamumuhay.
  - b. mahal in ang Diyos at kapwa at makamit ang buhay na walang hanggan.
  - c. mamuhay nang simple at makiisa sa tunay na makapangyarihan
  - d. huwag magbigay ng gulo, takot at ligalig sa kapwa at iwasan ang makalupang pagnanasa.

3. Alin ang aspetong hindi ipinamamalas ng mga relihiyon?
  - a. Paniniwala sa makapangyarihang Diyos
  - b. Kodigo moral na tumutukoy sa mga paggalang sa ritual at paniniwala sa Diyos
  - c. Paraan ng komunikasyon ng Diyos sa tao
  - d. Pakikipag-usapan ng tao sa Diyos at sa kalikasan
4. Iba't iba ang paniniwala ng mga relihiyon subalit nagkakaisa ang mga ito sa layuning:
  - a. ipangaral ang balita ng kaligtasan sa bawat kasapi.
  - b. makapiling ng mga kasapi ang Dakilang Lumikha.
  - c. mamuhay nzung simple ang mga kasapi at huwag magbigay ng gulo sa kapwa.
  - d. mapabuti ang tao at paunlarin ang kanilang buhay ispiritwal
5. Si Papa Juan Pablo II ang unang papa sa kasaysayan ng Katolisismo na bumisita sa isang moske. Makatwiran ba ang ginawa niya?
  - a. Oo. Ipinakita niya ang paggalang sa relihiyon ng mga Moslem at pakikiisa sa kanilang mga paniniwala.
  - b. Hindi. Maaari niyang ipakita ang paggalang sa ibang paraan.
  - c. Oo. Magandang halimbawa ang ipinakita niya para sa mga susunod na papa.
  - d. Hindi. Baka gayahin siya ng mga kabataan at maiba ang relihiyon ng mga ito.

B. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.

1. Ang relihiyon ay maaaring magpabago ng buhay ng tao.
2. Ang relihiyon ay kalipunan ng mga paniniwala at ritual na isinasabuhay ng tao upang mapalapit sa Diyos.
3. Ang relihiyon ang nagdidikta ng pananamit at istilo ng pamumuhay.
4. Maaaring magkaisa sa pamamagitan ng relihiyon.
5. Ang pagtupad ng mga turo at layunin ng relihiyon ay nakatutulong sa pagkakaroon ng katatagan sa buhay ispiritwal.
6. Ang relihiyon ay batay sa katwiran kaysa emosyon.
7. Iba't iba ang relihiyon kaya dapat mag-ingat na maimpluwensiyahan ng ibang paniniwala.
8. Ang antas ng ispiritwalidad ay impluwensiya ng mga pari, pastor o ministro.
9. Napabubuti ng iba't ibang relihiyon ang ugnayan ng tao sa Diyos.
10. Ang kodigo moral ng bawat relihiyon ang nagpapatibay ng pagtupad ng mga ritwal at paniniwala ng mga ito.

### III. Tuklasin Mo

#### Gawain Blg. 1

Suriin mo ang paniniwala ng iba't ibang relihiyon o pilosopiya. Mula sa kanilang pagkakaiba, isulat mo sa ibaba ang kanilang pagkakapareho.

##### A.

Relihiyon/Pilosopiya	Mga Layunin at Paniniwala
<b>1. Taoismo</b> <i>Nagtatag:</i> Lao Tzu <i>Aklat:</i> The Way	<ul style="list-style-type: none"><li>• Payak na pamumuhay at pagpapakabuti</li><li>• Pagpapanatili ng kapayapaan sa panahon ng tunggalian</li><li>• Pagkakaisa sa gitna ng pagkakawatak-watak</li><li>• Pag-ibig sa panahon ng pagkakagulo</li><li>• Katwiran at kabutihan</li></ul>
<b>2. Confucianismo</b> <i>Nagtatag:</i> Confucius <i>Aklat:</i> Confucian Classics	<ul style="list-style-type: none"><li>• Maging mapagsiyasat upang magkaroon ng karunungan, kabutihan, pagkakaisa sa lahat ng bagay</li><li>• Maipahayag ang sarili</li><li>• Magkaroon ng katalinuhan</li><li>• Pagkakaisa ng kasapi tungo sa kaganapan ng pagkatao</li></ul>
Mga layunin at paniniwalang magkapareho: _____ _____ _____	

##### B.

Relihiyon/Pilosopiya	Mga Layunin at Paniniwala
<b>3. Kristiyanismo</b> <i>Nagtatag:</i> Kristo <i>Aklat:</i> Banal na Kasulatan	<ul style="list-style-type: none"><li>• Manalig sa iisang Diyos, si Kristo</li><li>• Mahalin ang Diyos at ang kapwa</li><li>• Pagpapakabuti upang makamit ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos</li><li>• Sampung utos ng Diyos</li></ul>
<b>4. Islam</b> <i>Nagtatag:</i> Mohamed <i>Aklat:</i> Koran	<ul style="list-style-type: none"><li>• Paniniwala sa iisang Diyos, si Allah</li><li>• Pagpapahalaga sa katarungan, pagkakawanggawa</li><li>• Limang haligi ng Islam (pananalangin ng 5 beses sa isang araw na nakaharap sa Mecca, pagbanggit sa ngalan ni Allah at Mohamed, ramadan, paglilimos sa mahihirap, paglalakbay sa Mecca)</li></ul>
Mga layunin at paniniwalang magkapareho: _____ _____ _____	

**C.**

Relihiyon/Pilosopiya	Mga Layunin at Paniniwala
5. Hinduismo <i>Nagtatag:</i> Walang nakatala, pero pinaniniwalaang nagmula sa Lahing Aryan <i>Aklat:</i> Mahabharata Ramayana	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang buhay sa lupa ay pansamantala lamang.</li> <li>• Magnilay, manalangin at makipag-ugnayan sa kapwa.</li> <li>• Iwasan ang pagiging makasarili.</li> <li>• Tanggapin ang kasiyahan at suliranin na may kapanatagan ng kalooban.</li> <li>• Maging mapagpatawad at magtimpi sa sarili.</li> <li>• Huwag magbigay ng gulo, takot at ligalig sa kapwa.</li> <li>• Iwasan ang pagnanasa sa makalupang bagay.</li> </ul>
6. Budismo <i>Nagtatag:</i> Siddartha Gautama	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang paghihirap ng tao ay nag-uugat sa kanyang pagnanasa.</li> <li>• Ang pagnanasa ay nagbubunga ng kasakiman, katakawan, matinding pagkamuhi, at labis na pagpapahalaga sa materyal na bagay.</li> <li>• Makiisa sa tunay na makapangyarihan.</li> <li>• The Eightfold Path (wastong pananaw, wastong hangarin, wastong pagsasalita, wastong pagkilos, wastong paghahanapbuhay, wastong pagsisikap, wastong pag-iisip para sa kasalukuyan, wasto at tamang pag-iisip).</li> </ul>
Mga layunin at paniniwalang magkapareho: <hr/> <hr/> <hr/>	


Halaw sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Serye ng SEDP  
 at Maylalang ni Twila G. Punsalan

**Sagutin Mo**

1. Anu-ano ang iyong napansin sa bawat relihiyon?
2. Ano ang kahalagahan na matutuhan mo ang pagkakapareho ng bawat relihiyon?

## Gawain Blg. 2

Ibatay ang susunod na gawain sa Gawain Blg. 1. Tukuyin mo ngayon ang nagkakaisang layunin at paniniwala ng iba't ibang relihiyon.



## Sagutin Mo

1. Madali mo bang natukoy ang nagkakaisang paniniwala ng anim na relihiyong binanggit? Ipaliwanag.
2. Patotohanan o pabulaanan: Mula sa nagkakaisang paniniwala ng iba't ibang relihiyong, iisa lamang ang tunguhin ng mga ito, ang pagpapakabuti upang makapiling ang kanyang Diyos.
3. Paano nakakatulong ang mga paniniwalang ito sa pagpapaunlad ng ugnayan ng tao sa Diyos? Magbigay ng halimbawa.



## Sagutin Mo

1. Bakit ito ang naisip mong paksa?
2. Anu-ano ang mga konkretong hakbang ang imumungkahi mo upang magkaisa ang iba't ibang relihiyon sa mundo?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Mula sa mga relihiyong tinalakay, aling relihiyon ang may pagkakatulad sa mga paniniwala at layunin ng relihiyong iyong kinabibilangan? Itala ito at ang mga paniniwala sa loob ng kahon.

Iba't Iba Pero Pareho
Ang aking relihiyon ay _____ . Halos kahawig ito ng _____ dahil sa mga magkakatulad na paniniwala tulad ng:
❖
❖
❖
❖

## V. Pagpapatibay

### Ang Ugnayan ng Tao sa Diyos

Ang tao ay likas na maka-Diyos. Mula sa kanyang pagsilang, hinahanap na niya ang kanyang pinagmulan. Halimbawa, kung malaman mo na isa kang ampon, agad mong tinatanong: “Sino ang aking mga magulang?” Siguradong pipilitin mong alamin kung saan sila matatagpuan kahit na mababait ang mga taong nagpalaki sa iyo. Tulad ng halimbawang ito, may pinagmulan ang tao. Iba't ibang disiplina ang nagpatunay ng kanyang pinagmulan, subalit matimbang na ang tao ay mula sa Diyos.

Ang tao ay mayroong isip (intellect) na kayang tumuklas ng katotohanan. Ginagamit niyang batayan ang mga bagay na nasa kapaligiran upang patunayang mayroong Diyos. Dahil sa kanyang isip



naunawaan niya ang kapangyarihan ng Diyos at ang kahalagahan ng pagsamba sa Kanya.

May kapangyarihan ding umiling ang tao. Maipamamalas niya ang kanyang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa kapwa at paglikha ng kapaligirang kalulugdan ng Diyos.

Dahil sa taglay niyang kalayaan, may kakayahan siyang magpasya gamit ang kanyang konsensya. May kakayahan siyang piliin ang paraan ng pagpuri at pagsamba sa Diyos.

Ang pagpuri at pagsamba sa Diyos ay batay sa pagpapahalaga sa relihiyon. Ang relihiyon ay kalipunan ng mga paniniwala at ritwal na isinasabuhay ng tao upang mapalapit sa Diyos. Ang mga relihiyon ay mayroong iba't ibang paniniwala batay na rin sa kanilang kultura. Mayroon ding mga ritwal na nagpapatingkad ng kanilang pananampalataya. Subalit hindi mahalaga ang pagkakaiba ng mga ritwal, paraan ng pagsamba at paniniwala. Ang mahalaga ay nagkakaisang layuning mapabuti ang ugnayan ng tao sa kinikilalang Diyos. Positibo ang mga layunin at paniniwala ng bawat relihiyon.

Hangad ng mga ito ang kabutihan at kaginhawaan ng bawat kasapi. Sa kabuuan ang mga relihiyon ay may mga aspetong nagpapamalas ng:

- Paniniwala sa makapangyarihang Diyos
- Kodigo Moral na tumutukoy sa mga paggalang sa ritwal at paniniwala sa Diyos
- Paraan ng komunikasyon ng tao sa Diyos
- Pakikipag-ugnayan ng tao sa Diyos at sa kalikasan

Iba't iba man ang relihiyon, ang bawat isa ay hangad ang magpakabuti, magpuri, magpasalamat at makapiling ang Diyos sa takdang panahon.

## **VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo**

### **Ang Halaga ng Relihiyon**

Isang kuwento mula sa mga Hudyo tungkol sa isang manggagawa ng sabon at ng isang rabbi. Isang araw, nagtungo ang manggagawa ng sabon sa rabbi at sinabi, “Ayoko na sa Judaismo dahil ang sabi mo, ang

layunin ng relihiyong ito ay magbigay ng kapayapaan, katarungan at pag-ibig sa mundo. Ngunit kaguluhan pa rin ang nakikita ko.”

Nanahimik ang rabbi. Habang dumaraan sila sa grupo ng mga pawisang kalalakihan naglalaro sa parke, sinabi ng rabbi, “Mukhang hindi epektibo sa kanilang mga kasuotan ang iyong ginagawang sabon?”

Nagulat ang manggagawa ng sabon at sumagot, “Hindi pa naman nila ito ginagamit kaya’t paano mo nasabing hindi epektibo ang aking mga sabon.”

“Kung ganoon, ang relihiyon ay tulad din ng sabon,” ang tugon ng rabbi. “Ang relihiyon ay mayroong halaga kung ang mga itinuturo nito ay nagagamit sa buhay.”

Mula sa 1000 Stories You Can Use  
ni: Frank Mihalic, SVD

Mula sa maikling kwento na ito, gumawa ng isang maikling panalangin ng pagkakaisa ng bawat relihiyon tungo sa pagpapabuti ng ugnayan ng tao sa Diyos.

**Ang Aking Panalangin Para sa Pagkakaisa  
ng Iba’t ibang Relihiyon sa Mundo**

---

---

---

---

---

---

---

---

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pilosopiyang Taoismo ay kahawig ng Confucianismo. Payak at mabuting pamumuhay ang nilalayan. Ano ang pinatutunayan nito?
  - a. Pareho ang mga paniniwala ng Taoismo at Confucianismo pero iba lang ang katawagan.
  - b. Parehong sa Tsina ang mga ito kaya pareho rin ang kanilang paniniwala.
  - c. Ang layuning maging mabuting tao ay parehong layunin ng Taoismo at Confucianismo
  - d. Hindi dapat magtalo ang mga relihiyon dahil pareho lang ang mga ito.
2. Ang iba't ibang denominasyon ng relihiyong Kristiyanismo ay nagkakaisa na:
  - a. maipahayag ang sarili at magkaroon ng payak na pamumuhay.
  - b. mahal in ang Diyos at kapwa at makamit ang buhay na walang hanggan.
  - c. mamuhay nang simple at makiisa sa tunay na makapangyarihan
  - d. huwag magbigay ng gulo, takot at ligalig sa kapwa at iwasan ang makalupang pagnanasa.
3. Alin ang aspetong hindi ipinamamalas ng mga relihiyon?
  - a. maipahayag ang sarili at magkaroon ng payak na pamumuhay.
  - b. mahal in ang Diyos at kapwa at makamit ang buhay na walang hanggan.
  - c. mamuhay nang simple at makiisa sa tunay na makapangyarihan
  - d. huwag magbigay ng gulo, takot at ligalig sa kapwa at iwasan ang makalupang pagnanasa.
4. Iba't iba ang paniniwala ng mga relihiyon subalit nagkakaisa ang mga ito sa layuning:
  - a. ipangaral ang balita ng kaligtasan sa bawat kasapi.
  - b. makapiling ng mga kasapi ang Dakilang Lumikha.
  - c. mamuhay nang simple ang mga kasapi at huwag magbigay ng gulo sa kapwa.
  - d. mapabuti ang tao at paunlarin ang kanilang buhay ispiritwal

5. Si Papa Juan Pablo II ang unang papa sa kasaysayan ng Katolisismo na bumisita sa isang moske. Makatwiran ba ang ginawa niya?
  - a. Oo. Ipinakita niya ang paggalang sa relihiyon ng mga Moslem at pakikiisa sa kanilang mga paniniwala.
  - b. Hindi. Maaari niyang ipakita ang paggalang sa ibang paraan.
  - c. Oo. Magandang halimbawa ang ipinakita niya para sa mga susunod na papa.
  - d. Hindi. Baka gayahin siya ng mga kabataan at maiba ang relihiyon ng mga ito.

B. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.

1. Ang relihiyon ay maaaring magpabago ng buhay ng tao.
2. Ang relihiyon ay kalipunan ng mga paniniwala at ritual na isinasabuhay ng tao upang mapalapit sa Diyos.
3. Ang relihiyon ang nagdidikta ng pananamit at istilo ng pamumuhay.
4. Maaaring magkaisa sa pamamagitan ng relihiyon.
5. Ang pagtupad ng mga turo at layunin ng relihiyon ay nakatutulong sa pagkakaroon ng katatagan sa buhay ispiritwal.
6. Ang relihiyon ay batay sa katwiran kaysa emosyon.
7. Iba't iba ang relihiyon kaya dapat mag-ingat na maimpluwensiyahan ng ibang paniniwala.
8. Ang antas ng ispiritwalidad ay impluwensiya ng mga pari, pastor o ministro.
9. Napabubuti ng iba't ibang relihiyon ang ugnayan ng tao sa Diyos.
10. Ang kodigo moral ng bawat relihiyon ang nagpapatibay ng pagtupad ng mga ritwal at paniniwala ng mga ito.

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, J. (1992). *Perspective: Current Issues in Values Education*. Manila: Sinagtala Publishers.

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat*. Pasig City: May-akda.

Punsalan, T.G. (1999). *Maylalang*. Manila: Rex Bookstore.

Rojas, F. (1998). *Valuing Spirituality*. Manila: Vibal Publishing, Inc.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Mali
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Tama

Gaano Ka Natuto?

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Mali
9. Tama
10. Mali